



Pagsisimula ng Iyong Daan Tungo sa Paggaling

Isang Gabay sa Pag-navigate sa Tulong ng Pederal sa Panahon ng Sakuna

Normal lang na makaramdam ng labis na pagkabahala pagkatapos ng isang sakuna. Narito kami upang tulungan ka sa mga gawaing darating.

Pag-apply sa FEMA (Pederal na Ahensiya para sa Pamamahala ng Emerhensiya)



Ang Kailangan Mo

Nauunawaan namin na maaaring wala sa iyo ang lahat ng iyong personal na dokumento pagkatapos ng isang sakuna. Para maisumite ang iyong aplikasyon para sa tulong sa sakuna, ang kailangan mo lang ay:

- Mga pangalan ng lahat ng taong nakatira sa iyong tahanan noong panahon ng sakuna
- Social Security Number (sa iyo at ng mga anak mo)
- Kita ng Sambahayan
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan
- Impormasyon tungkol sa pinsala sa ari-arian / mga pangangailangang pang-emerhensiya



Saan Mag-apply

Maaari kang mag-apply, mag-follow up, o humingi ng karagdagang tulong sa iyong aplikasyon sa pamamagitan ng alinman sa mga opsyong ito:

Online: Mag-apply ng kombinyente sa [DisasterAssistance.gov](https://www.DisasterAssistance.gov)

App: I-download ang **FEMA App** para mag-apply gamit ang iyong telepono

Tawag: Makipag-usap sa isang kinatawan ng FEMA sa **1-800-621-3362**

Ang mga mapagkukunan ng estado ay matatagpuan sa [ready.hawaii.gov](https://www.ready.hawaii.gov)



Kung May Insurance Ka

Maaaring nakakapagod ang paghahain ng claim, ngunit ito ay isang mahalagang hakbang. Magsumite ng claim sa lalong madaling panahon sa iyong provider.

Maaaring kabilang dito ang insurance para sa may-ari ng bahay, umuupa, baha, sasakyan, o iba pang uri ng insurance na maaaring sumaklaw sa mga pinsala.

Ano ang dapat mong ibahagi sa FEMA:

- Ang impormasyon tungkol sa saklaw ng iyong insurance, na makikita mo sa iyong mga dokumento ng polisiya ng insurance.
- Kapag meron, ibahagi ang anumang sulat mula sa insurance na nagpapakita ng pagtanggap kasunduan sa bayad, o pagkaantala.

Iba-iba ang bawat kaso. Gamitin ang seksyong ito upang subaybayan ang mga petsa ng iyong aplikasyon at mga kinakailangang dokumento. Kailangang maisumite ang iyong aplikasyon sa FEMA sa loob ng 60 araw ng kalendaryo pagkatapos ideklara ang sakuna.

- Impormasyon ng Insurance*
- Impormasyon sa Account ng Banko para sa Direktang Deposito*
-
-
-

Ang Iyong FEMA

ID ng Pagpaparehistro _____



Aplikasyon ng FEMA
Takdang Petsa:



Iba pa:



FEMA

Pagkatapos Mag-apply sa FEMA

Maaaring may iba't ibang hakbang ang iyong pagpapagaling mula sa sakuna. Narito ang maaari mong asahan pagkatapos mag-apply:



Inspeksyon sa Bahay

May ilang uri ng tulong mula sa FEMA na nangangailangan ng inspeksyon sa iyong bahay. Narito ang aming mga inspektor upang tumulong. Kung kinakailangan, tatawagan ka ng isang inspektor upang mag-iskedyul ng appointment.

Pakihanda ang mga sumusunod kapag dumating ang inspektor:

- ID na Inisyu ng Pamahalaan
- Isang aplikante na naroroon na may edad 18 pataas
- (Kung mayroon) Mga larawan at video ng pinsala
- (Kung hihilingin) Impormasyon upang mapatunayan ang panirahan o pagmamay-ari (hal. kasulatan, kasulatan, o bill ng kuryente/tubig) pati na rin ang insurance.



Desisyon ng FEMA

Pagkatapos marepaso ang iyong aplikasyon, makakatanggap ka ng liham ng desisyon sa pamamagitan ng koreo o email.

Kung maaprubahan ang iyong aplikasyon, ipapaliwanag sa iyong liham kung magkano ang perang matatanggap mo at kung paano ito dapat gamitin.

Kung hindi maaprubahan ang iyong aplikasyon, o kung ang naging desisyon ay hindi tumutugon sa iyong pangangailangan, may karapatan kang mag-apela. Ang iyong liham ng desisyon ay maglalaman ng mga tagubilin kung paano maghain ng apela.

Siguraduhing maipapadala ang iyong apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng iyong liham ng desisyon. Siguraduhing ilagay ang iyong ID sa pagpaparehistro sa lahat ng dokumento ng apela.

Ingles ang opisyal na wika ng Estados Unidos ng Amerika. Ang orihinal na Ingles na bersyon ng dokumentong ito ay nagsisilbi mapagkakatiwalaang mapagkukunan para sa impormasyong ito.